



Global City Ota Cooperation Association Consultation Desk sa Iba't Ibang Wika

Nagbago ang oras na bukas ang Consultation Desk sa Iba't Ibang Wika.

Wika	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Ingles	10:00am~5:00pm	10:00am~5:00pm	10:00am~5:00pm	×	10:00am~5:00pm
Intsik	10:00am~5:00pm	10:00am~5:00pm	×	10:00am~5:00pm	10:00am~5:00pm
Tagalog	10:00am~5:00pm	×	×	×	10:00am~5:00pm
Nepalese	×	×	10:00am~5:00pm	×	×
Vietnamese	×	×	×	10:00am~5:00pm	×

*Maaaring kumonsulta sa abogado sa ika-1 at ika-3 Linggo ng buwan (1:00-5:00pm ng hapon). Kailangan ng reserbasyon.

*Maaari ding gumamit ng iba pang wika maliban sa nakasulat sa itaas. Mangyaring kumonsulta lamang.

Konsultasyon tungkol sa pamumuhay

Maaaring kumonsulta sa iba't-ibang linggwahe tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa pamumuhay tulad ng tungkol sa bata, pagpapakasal, pagdidiborsyo, trabaho at kahirapan sa komunikasyon.

Mayroon ding mga impormasyon tungkol sa mga Japanese language school at mga volunteer-organized Japanese class dito sa Ota City.

Pag-iinterpret


May mga interpreter na maaaring sumama sa mga dayuhan sa pagpunta sa nakatalagang counter para tulungan sila sa mga pampamahalaang pamamalakad sa Ota City Main Office.

Pagta-translate

Nagbibigay ng serbisyong pagsasalin ng mga dokumento katulad ng sertipiko na isa-submit sa Ota City Office. Simula July 2019, may translation fee (500 yen bawat A4 page) na babayaran.



Access Map



Address

Ota-ku Kamata 5-13-26
Consumer Center 1F



03-6424-8822

FAX

03-5710-6330

HP

<https://www.ota-goca.or.jp/>


Email

info@ota-goca.or.jp

Gumawa kami ng logo
ng Global City Ota
Cooperation Association.



Pag-aaral ng mga Tuntunin at Kaasalan sa Pamumuhay sa Japan sa Wikang Nepalese



Wala ba kayong problema sa pamumuhay sa Japan? Ipapaliwanag namin sa wikang Nepalese ang mga tuntunin at kaasalan sa pamumuhay sa Japan nang kayo ay makapamuhay nang maginhawa sa Japan. Makakatulong ito dahil maaari ninyong itanong sa wikang Nepalese ang mga bagay na hindi naiintindihan.

Sino ang puwedeng mag-aral

- Nakakapagsalita ng wikang Nepalese
- Nakatira sa Ota City / nagtatrabaho sa Ota City / nag-aaral sa paaralan sa Ota City

Kailan

Ika-28 ng Hulyo Linggo / 1:30,~3:30 p m ng hapon

Saan

mics Ota Classroom (Ota-ku Kamata 5-13-26 Consumer Center 1F)

Ano ang pag-aaralan

Paglalabas ng basura, tuntunin sa pamumuhay sa tahanan (tulad ng pag-iwas sa malakas na tunog o ingay sa late na oras ng gabi), at iba pa

Lecture sa wikang Intsik naman ang plano sa Disyembre.

Magkano

Ilang tao

Libre

20 katao

Paano mag-apply

- E-mail Ipadala ang ① Pangalan ② Tirahan ③ Numero ng telepono ④ Edad ⑤ E-mail address sa: mail@ota-goca.or.jp
- Mag-apply sa Consultation Desk sa Iba't Ibang Wika.
- Ipadala sa FAX ang papel (application form).

Hanggang kailan

Ika-12 ng Hulyo Biyernes

Papadalan kayo ng e-mail kapag natapos ang aplikasyon. Pakibago ang settings nang makatanggap ng e-mail mula sa [mail@ota-goca.or.jp].

Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
 ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
 Email: mail@ota-goca.or.jp

Serbisyo ng pagpapadala ng mail para sa kaligtasan/kaginhawaan ng mga residente
 Papadalan ang mga nakarehistro ng paunawa tungkol sa panahon/lindol/tsunami sa pamamagitan ng mail.

Anong impormasyon ang matatanggap?

- ① **Panahon: Kapag naglabas ng mga sumusunod na warning/special warning sa Ota City**
 * "Warning": Ipinapaalam sa lahat, "Mapanganib! Mag-ingat!"
 Warning: malakas na ulan, baha, marahas na hangin, marahas na hangin at snow, malakas na snow, high sea, high tide
 Special Warning: malakas na ulan, marahas na hangin, marahas na hangin at snow, malakas na snow, high sea, high tide
- ② **Lindol: Kapag nagkaroon ng lindol na may lakas na seismic intensity 3 o higit pa sa loob ng Ota City**
- ③ **Tsunami: Kapag nag-annunyo ng Tsunami Warning/Major Tsunami Warning sa loob ng Tokyo Bay**

Paano magrehistro?

- ① **Magpadala ng mail na walang laman (walang nakasulat) sa e-mail address sa ibaba.**

Ingles	kumin-en@anzen.city.ota.tokyo.jp
Intsik	kumin-ch@anzen.city.ota.tokyo.jp
Koreano	kumin-ko@anzen.city.ota.tokyo.jp
Tagalog	kumin-ta@anzen.city.ota.tokyo.jp

- ② **Pindutin ang URL sa matatanggap na mail at magrehistro ayon sa mga instruction sa screen.**

* Kapag walang natanggap na mail pagkatapos magpadala ng mail na walang laman

- Baguhin ang settings para makatanggap ng mail galing sa e-mail address na may domain na "anzen.city.ota.tokyo.jp".
- Baguhin ang settings para makatanggap ng mail na may lamang URL.
- Para sa mga detalye, mangyaring bisitahin ang website ng Ota City.

Para sa mga katanungan

Disaster Preparation and Crisis Management Division Community Safety Section
 ☎ 03-5744-1634 FAX 03-5744-1519

Pangangalap ng mga volunteer para sa international exchange

Kami ay nangangailangan ng mga volunteer na irehistro. "Language Study Volunteer" na gagamit ng wikang dayuhan sa pagsasalín bilang interpreter/translator, "Planning/Management Volunteer" na magpapalano para sa iba't ibang kaganapan atbp. at gaganap bilang staff sa mismong araw nito, "Advertisement Volunteer" na tutulong sa paggawa ng mga flyer atbp., "Culture Introduction/International Understanding Education Volunteer" na magpapakilala ng kultura sa ibang bansa at sa Japan, o magkukuwento ng karanasan sa ibang bansa, "Homestay Volunteer" na magpapatuloy ng mga exchange student atbp. sa sariling tahanan. Sa nakaraan, ang mga volunteer ay gumana bilang staff sa mga kaganapan at executive committee sa mga talumpati sa wikang Hapon.

Mula sa pagrerehistro hanggang sa pagsali sa mga aktibidad

- 1 Isulat sa application form for registration ang mga kinakailangang detalye at ipadala sa amin (sa pamamagitan ng koreo / e-mail / pagdala sa opisina). Maaaring i-download ang application form mula sa aming website.
- 2 Kapag natapos ang proseso ng pagrerehistro, may ipapadalang paunawa na natapos na ang pagrerehistro.
- 3 Kayo ay kokontakin kapag nangangailangan ng volunteer. Kapag nais lumahok, sagutin lamang ito. (Maaaring piliin ang mga sasali kapag maraming nais lumahok.)

Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981
Website: <https://www.ota-goca.or.jp/>

Paunawa ukol sa Pagpapasa ng Ulat sa Kasalukuyang Kalagayan ng Child Allowance at Buwan ng Pagbibigay Nito

★ Ukol sa pagpapasa ng Ulat sa Kasalukuyang Kalagayan

Para magpatuloy ang pagtanggap ng child allowance/special payment para sa Hunyo pasulong, kailangang magpasa ng Ulat sa Kasalukuyang Kalagayan. Sa mga nasasaklaw rito, magpapadala kami ng form sa unang bahagi ng Hunyo. Ipadala ito sa pamamagitan ng koreo bago matapos ang Hunyo. Sa karagdagan, mag-ingat dahil hindi ito tinatanggap sa mga branch office.

★ Ukol sa buwan ng pagbibigay ng child allowance

Sa pamantayan, ita-transfer ang nakatalagang halaga para sa buwang iyon sa bank account na may pangalan ng mismong recipient sa buwan ng Hunyo (allowance para sa Pebrero hanggang Mayo), Oktubre (allowance para sa Hunyo hanggang Setyembre), at Pebrero (allowance para sa Oktubre hanggang Enero ng sumunod na taon).

Child Allowance (para sa kumikita ng hindi aabot sa itinakdang limitasyon sa halaga ng kita)

Dibisyon ayon sa edad	Halaga ng ibibigay (buwanang halaga)
Hindi aabot sa 3 taong gulang (lahat ng anak)	15,000 yen kada buwan
3 taong gulang pataas, bago magtapos ng elementarya (ika-1 at ika-2 anak)	10,000 yen kada buwan
3 taong gulang pataas, bago magtapos ng elementarya (ika-3 anak pataas)	15,000 yen kada buwan
Estudyante ng junior high school (mula sa ika-15 kaarawan, hanggang sa unang ika-31 ng Marso) (lahat ng anak)	10,000 yen kada buwan

*Binibilang na ika-1 anak mula sa pinakamatanda sa mga anak na may edad na 18 taong gulang pababa (mula sa ika-18 kaarawan hanggang sa unang ika-31 ng Marso) na kailangang suportahan.

Special payment (para sa kumikita ng higit sa itinakdang limitasyon sa halaga ng kita)

Walang dibisyon ayon sa edad (lahat ng anak)	5,000 yen kada buwan
--	----------------------

Para sa mga katanungan

Childcare Support Division Medical Care for Children Section (City Hall, 3rd floor, Counter 23)
☎ 03-5744-1275 FAX 03-5744-1525

"Pagkukuwento gamit ang Ingles na Larawang-aklat" ng Ikegami Library

Sa Ikegami Library, nagsasagawa ng "pagkukuwento" sa wikang Ingles. Hindi lang pagbabasa ng larawang-aklat, kundi may araw din na nagsasagawa ng picture-story show o pagkukuwento gamit ang *kumiki* (laruang kahoy). May kantahan, sayawan at mga laro gamit ang kamay, at ang programa ay nakakaaliw sa mga maliliit na bata hanggang sa mga estudyante ng elementarya. Ang magbabasa ay ang mga miyembro ng volunteer group na "Lupines". Sa bawat pagkakataon, sila ay maghahanda ng magagandang libro. Ikatutuwa namin kung mabigyan kayo ng ideya kapag pumipili ng libro para sa anak. Maraming librong nakasulat sa wikang dayuhan sa Ota City Library. Sana ay magamit ninyo ang mga ito.

■ Ika-3 Sabado ng buwan na even number (ika-4 Sabado para lamang sa buwan ng Agosto)

■ 11:00 – 11:30 am ng umaga

Schedule para sa 2019

6/15

8/24

10/19

12/21

2/15

Lugar

Kwarto para sa pagkukuwento sa ika-1 palapag ng Ikegami Library

Aplikasyon

Hindi kailangan, dumiretso lamang sa itinakdang lugar

Para sa mga katanungan

Ikegami Library Child Service Section

☎ 03-3751-3341



Ota Child Japanese Language Class

May mga classroom na nagtuturo ng wikang Hapon bago pa pumasok sa paaralan.

Kamata Classroom

Pangalan ng nagsasagawang organisasyon

Legato Ota

Lugar

Ota City Multicultural Society Promotion Center "mics Ota Class"
Address: Ota-ku Kamata 5-13-26-101, sa loob ng Ota City
Consumer Center

Para sa mga katanungan

☎03-6424-8822 FAX: 03-5710-6330

Araw, oras

Lunes, Martes, Huwebes 9:00 am- 12:00pm

Omori Classroom

Pangalan ng nagsasagawang organisasyon

Nihongo Gururitto

Lugar

Ota City Sanno Hall International Exchange Facility
Address: Ota-ku Sanno 3-37-11, sa loob ng International Exchange
Facility

Para sa mga katanungan


☎/FAX: 03-5709-1347

Araw, oras

Lunes, Miyerkules, Biyernes 9:00am - 12:00pm

Mga batang naaangkop sa lahat ng ① - ③

- ① Batang dayuhan atbp. na nakatira sa Ota City
- ② Batang nasa edad na hindi pa pumapasok sa paaralan (ang araw ng kapanganakan ay mula ika-2 ng Abril 2004 hanggang ika-1 ng Abril 2013) o kaya ay batang nasa loob ng 6 na buwan bago pumasok sa elementarya (ang araw ng kapanganakan ay ika-2 ng Abril 2013 hanggang ika-1 ng Abril 2014)
- ③ Batang may kahirapang makipag-usap sa wikang Hapon at hindi naka-enroll sa paaralang itinayo ng Ota City



Ang Sanno Hall na kinaroroonan ng Omori Classroom ay nasa mataas na lugar kung saan malawak ang tanawin, at dito nakikita ang napakagandang tanawin sa panahon ng cherry blossom.

*Nag-aaral ang mga bata nang kumportable at mahinahon sa 4 na maluwa at maliwanag na kuwarto na may iba't ibang laki.

*Ang classroom para sa mga bata ay tumatanggap ng estudyante na hindi pa pumapasok sa paaralan. Dito makakatanggap ng sapat na suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon sa ilalim ng di-nagbabagong kurikulum na "Mula zero hanggang sa pagiging independent".

*Masigasig na ginagabayan ng mga gurong may dalubhasang kaalaman at mahabang karanasan ang bawat isa sa mga bata.

*Ayon sa pangangailangan, tumutugon kami sa mga konsultasyon tungkol sa pag-aaral ng asignatura (subject), career, atbp.

Maaaring pumasok dito ang mga batang nakatira saanman sa loob ng Ota City.

Halina't simulan ang paghahanda para sa pamumuhay sa Japan ng inyong minamahal na anak, sa Omori Classroom na mataas ang ebalwasyon mula sa mga guro ng paaralan at pati sa mga magulang!

Mahalaga ang simula sa lahat ng bagay! Hihintayin namin ang inyong pagdating nang kayo ay makapagmasid.



Ang "Ota City Navigation" ay inilalathala ng Global City Ota Cooperation. Association simula ng fiscal year 2019.

Tagapaglathala General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association

〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F

☎03-6410-7981 FAX03-6410-7982 URL <https://www.ota-goca.or.jp/>